NATIONAL CONSERVATION LANDS

# COTONI-COAST DAIRIES

CALIFORNIA COASTAL NATIONAL MONUMENT

## KUNG SAAN NAGTATAGPO ANG PANGANGALAGA SA KALIKASAN AT PAGLILIBANG

Ipinagmamalaki ng Cotoni-Coast Dairies (binibigkas bilang Cho-toe-knee) ang 5,800 ektarya ng nakamamanghang tanawin, mula sa malalawak na kapatagan sa baybayin hanggang sa matataas na kagubatan ng redwood. Bilang bahagi ng National Conservation Lands ng BLM, pinoprotektahan ng property na ito ang mahahalagang tirahan ng ligaw na hayop (wildlife) at pamanang kultural habang nag-aalok sa mga bisita ng iba't ibang pagkakataon sa paglilibang.

### ALAMIN BAGO KA UMTALIS

**Magplano nang Maaga:** Tingnan ang distansya at kahirapan ng landas (trail) bago lumabas. Magdala ng mapa ng landas o kunan ng litrato ang ibinigay na mapa.


**Maging Handa:** Magdala ng sapat na tubig, magsuot ng angkop na damit at sapatos, at maging handa sa pagbabago ng lagay ng panahon.

**Pag-iingat sa Ligaw na Hayop:** Magkaroon ng kamalayan sa mga potensyal na panganib ng mga insekto at hayop sa kagubatan, kabilang ang mga garapata, rattlesnake, at mountain lion.

**Limitadong mga Pasilidad:** Walang banyo, basurahan, o estasyon sa pag-refill ng tubig sa kahabaan ng landas. Limitado ang serbisyo ng cellphone. Magplano nang naaayon.

**Mga Oras ng Parke:** Bukas araw-araw 30 minuto bago sumikat ang araw hanggang 30 minuto pagkalubog ng araw

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa BLM Central Coast Field Office sa 831-582-2200.



Berde ang mga dahon sa tag-araw at pula sa taglagas.

**PAG-IINGAT SA POISON OAK:**
Basta Tatlong Dahon, Nakalalason! Magkaroon ng kamalayan sa poison oak sa mga gilid ng landas at lumalaki sa mga puno at batuhan.

FOR ADDITIONAL LANGUAGES AND A SPECIES KEY SCAN THE QR CODE OR VISIT: santacruzmuseum.org/ccd

ILLUSTRATION & DESIGN: INK DWELL

NATIONAL CONSERVATION LANDS

# COTONI-COAST DAIRIES
## CALIFORNIA COASTAL NATIONAL MONUMENT

## PINOPROTEKTAHAN AT INIINGATAN PARA SA IYO

Ang mga may iba't ibang gamit na landas ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga bisita para sa pag-explore. Gamitin ang mapa na ito para planuhin ang iyong ruta at tumulong na protektahan ang landscape sa pamamagitan ng pananatili sa mga itinalagang daanan.




### BAHAGI NG
### CALIFORNIA COASTAL NATIONAL MONUMENT

Ang California Coastal National Monument ay sumasaklaw sa buong baybayin ng California, na nagpoprotekta sa lahat ng maliliit na isla, reef, at batuhan sa loob ng 12 milya mula sa baybayin, pati na rin ang ilang natatanging onshore unit. Tumutulong ang mga protektadong lugar na ito na mapangalagaan ang likas na kagandahan, napakahahalagang tirahan ng mga ligaw na hayop, at pamanang kultural ng mayaman at iba't ibang baybayin ng California.




Ang mga karatula ay ginawa ng Santa Cruz Museum of Natural History na may suporta mula sa Sempervirens Fund.

SANTA CRUZ MUSEUM of natural history

Sempervirens Fund

FOR ADDITIONAL LANGUAGES AND A SPECIES KEY SCAN THE QR CODE OR VISIT:
santacruzmuseum.org/ccd

ILLUSTRATION & DESIGN: INK DWELL

Ang lupaing ito ang tradisyonal at hindi nasakop na inang-bayan ng Cotoni (Cho-toe-knee), isang grupo ng mga taong nagsasalita ng Awaswas ng kulturang Ohlone. Ngayon, tumutulong ang Amah Mutsun Tribal Band sa pagpapanumbalik ng mga kultural at ekolohikal na tradisyon sa lupain. Para malaman ang higit pa, bisitahin ang amahmutsun.org

NATIONAL CONSERVATION LANDS

COTONI-COAST DAIRIES
CALIFORNIA COASTAL NATIONAL MONUMENT

## MAHALAGA ANG IYONG MGA AKSYON

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng responsableng paglilibang, maaari kang tumulong na protektahan ang mga halaman, hayop, at kasaysayan na siyang dahilan kung bakit kakaiba ang landscape na ito.



## HUWAG MAG-IWAN NG BAKAS

**Bitbitin Palabas ang Lahat ng Basura:** Dalhin mo ang lahat ng basura mo para manatiling malinis ang mga landas at protektahan ang kalikasan.

**Manatili sa mga Markadong Landas:** Tumulong na maiwasan ang pagguho ng lupa at pangalagaan ang mga halaman at hayop sa pamamagitan ng pananatili sa mga itinalagang landas.

**Igalang ang Ligaw na Hayop:** Pagmasdan ang mga hayop mula sa isang ligtas na distansya at huwag na huwag silang pakakainin.

**Ibahagi ang Landas:** Mga biker, padaanin ang mga hiker. Maging magalang at magpasintabi kapag dumadaan.

**Panatilihing Nakatali ang mga Aso:** Panatilihing nakatali ang mga alagang hayop para maprotektahan ang hayop at iba pang bisita. Bawal ang mga aso sa Wildcat (toróma) Trail.

**Salamat sa pagtulong sa amin na protektahan ang espesyal na lugar na ito para ma-enjoy ito ng lahat!**





FOR ADDITIONAL LANGUAGES AND A SPECIES KEY SCAN THE QR CODE OR VISIT:
santacruzmuseum.org/ccd

ILLUSTRATION & DESIGN: INK DWELL



## TUMULONG SA PANGANGALAGA SA MGA SAPA

- **Manatili sa mga Itinalagang Landas:** Protektahan ang mga halaman at hayop sa pamamagitan ng pananatili sa mga markadong landas at pagpigil sa mga aso na pumunta sa mga sapa.
- **Bitbit Papasok, Bitbit Palabas:** Ilabas ang lahat ng basura at dumi ng alagang hayop para makatulong na manatiling malinis ang tubig.
- **Bigyan ng Pagkakataon ang mga Halaman:** Huwag pakialaman ang mga halaman - nakakatulong ang mga ito na maiwasan ang pagguho ng lupa at salain ang mga nagpaparumi sa tubig.
- **Igalang ang mga Ligaw na Hayop:** Pagmasdan ang mga hayop mula sa malayo at huwag magpapakain ng isda o anumang ligaw na hayop.

FOR ADDITIONAL LANGUAGES AND A SPECIES KEY SCAN THE QR CODE OR VISIT:
santacruzmuseum.org/ccd

ILLUSTRATION & DESIGN: INK DWELL

# MALUSOG NA WATERSHED, MALUSOG NA

Sinasala ng mga sapa at wetland ang mga nagpaparumi sa tubig, pinipigilan ang pagguho ng lupa, nagkakarga muli ng tubig sa lupa, at nagbibigay ng mahalagang tirahan para sa mga hayop sa kagubatan. Nakakatulong ang pagprotekta sa mga daluyan ng tubig na ito na mapanatiling malusog ang buong ecosystem.